# TASK FORCE PARA SA MULING PAGDIDISTRITO
# LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO
# MGA TALA O MINUTES

**Isinagawa sa pamamagitan ng Videoconference o Komperensiya sa Pamamagitan ng Internet**
*(Nagkaloob ng pamamaraang makasali mula sa ibang lugar sa pamamagitan ng teleconference o komperensiya sa pamamagitan ng telepono)*
**www.sfgovtv.org**

## Enero 3, 2022 – 5:30 PM

## Regular na Pulong

**Mga Kasapi:** Jeremy Lee, Jose Maria (Chema) Hernández Gil, J. Michelle Pierce, Matthew Castillon, Arnold Townsend, Lily Ho, Raynell Cooper, Chasel Lee, Ditka Reiner

1. **Panawagan ukol sa Pagsisimula ng Pulong at Pagtatawag ng mga Pangalan ng mga Inaasahang Dumalo**

   *Nagpulong ang Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa espesyal na sesyon sa pamamagitan ng videoconferencing, at nagbigay ng mga komento ang publiko sa pamamagitan ng teleconference noong Lunes, Enero 3, 2022. Nanawagan ang Tagapangulo (Chair) na si Reverend Townsend ukol sa pagsisimula ng pulong nang 5:31 p.m.*

   *Sa pagtatawag ng mga pangalan ng mga inaasahang dumalo, naitalang naroroon sina Miyembro Jeremy Lee, Miyembro Hernández Gil, Miyembro Pierce, Member Castillon, Miyembro Townsend, Miyembro Ho, Miyembro Cooper, Miyembro Chasel Lee, at Miyembro Reiner. May sapat na bilang ng kinakailangan na naroroong miyembro upang maidaos ang pulong.*

2. **Resolusyon ukol sa Paggawa ng Pagsisiyasat at nang Mapahintulutan ang mga Pulong sa Pamamagitan ng Teleconference sa Ilalim ng Kodigo ng Gobyerno ng California (California Government Code), Seksiyon 54953(e)**

   *Tagapagsalita: David Pilpel; nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng resolusyon*

   **Gumawa ng mosyon si Miyembro Chasel Lee, at sumegunda si Miyembro Member Pierce, na PAGTIBAYIN ang Resolusyon. Pinagtibay ang mosyon ng sumusunod na pagboto:**

   **Oo: 9 - Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

**3. Pag-apruba sa Mga Tala ng Pulong noong Disyembre 6, Disyembre 8, at Disyembre 10, 2021**

*Tagapagsalita: David Pilpel; nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng anyo ng mga tala ng regular na pulong noong Disyembre 6, 2021. Itinala ni Klerk Caroll ang klerikal na pagbabago sa regular na pulong noong Disyembre 6, 2021.*

**Gumawa ng mosyon si Miyembro Chasel Lee, at sumegunda si Miyembro Pierce, na APRUBAHAN ang mga tala ng pulong noong Disyembre 6, Disyembre 8, at Disyembre 10, 2021. Pinagtibay ang mosyon ng sumusunod na pagboto:**

**Oo: 9 - Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

**4. Pinakabagong Impormasyon ukol sa Plano para sa Pag-abot sa Nakararami**

*Rosie Dilger (Civic Edge Consulting) at Angela Calvillo, Klerk ng Lupon (Office of the Clerk of the Board o Opisina ng Klerk ng Lupon); iniharap ang kasunod na impormasyon magmula noong dating isinaad ang bagay na ito sa mga pinag-usapan, at sinagot ang mga tanong na iniharap sa kabuuan ng diskusyon.*

*Mga Tagapagsalita: Jennifer Parkes; Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco o Liga ng Kababaihang Botante ng San Francisco); David Pilpel; Steven Currier; Maggie Weis (Portola Neighborhood Association o Asosasyon ng Magkakalapit-bahay sa Portola); Jen Tse (League of Women Voters San Francisco); nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng usapin sa pagdinig.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**5. Pagmamapa**

*Seth Neill, Konsultant sa Muling Pagdidistrito (Q2 Data and Research); iniharap ang pinakabagong impormasyon ukol sa pagsisimula ng paggamit sa Kasangkapan sa Muling Pagdidistrito o Redistricting Tool ng San Francisco at sinagot ang mga tanong na iniharap sa kabuuan ng diskusyon.*

*Mga Tagapagsalita: Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); David Pilpel; Jen Tse (League of Women Voters San Francisco); Steven Currier; nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng pinag-uusapan sa pagdinig.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**6. Mga Bagong Impormasyon ukol sa Iskedyul ng Regular at Espesyal na Pulong**

*Iniharap ni Wilson Ng, Katuwang na Direktor para sa mga Operasyon o Deputy Director for Operations (Office of the Clerk of the Board of Supervisors o Opisina ng Klerk ng Lupon ng mga Superbisor), ang nabago nang iskedyul ng pulong ng Task Force, ibinahagi ang pag-unlad ng pagpaplano ukol sa iba't ibang uri ng magkasamang remote (sa pamamagitan ng telepono o internet) at harap-harapang pulong, na posibleng isagawa sa kabuuan ng mga distrito ng Lungsod. Sinagot ni Ana Flores, Katuwang na Abugado ng Lungsod o Deputy City Attorney (Opisina ng Abugado ng Lungsod o Office of the City Attorney), ang mga itinanong sa kabuuan ng diskusyon.*

*Mga Tagapagsalita: Steven Currier; Lauren Girardin (League of Women Voter San Francisco); Michael Vuong, Direktor ng Tenderloin Clubhouse (Boys and Girls Club San Francisco); Eileen Boken, Presidente (SPEAK: Sunset Parkside Education & Action Committee o Komite para sa Edukasyon at Aksiyon ng Sunset Parkside); Jen Tse (League of Women Voters San Francisco); nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng pinag-uusapan sa pagdinig.*

**Nagsagawa ng mosyon si Miyembro Cooper, at sumegunda si Miyembro Chasel Lee, na pagtibayin ang pagbabago sa iskedyul ng Task Force upang makapag-iskedyul ng tatlong hybrid o pinagsamang remote at harap-harapang pulong ayon sa sumusunod:**

- **Sa Biyernes, Enero 14, 2022, magsisimula ang espesyal na pulong nang 3:00 p.m., at isasagawa ito sa City Hall, Room 400;**
- **Sa Sabado, Enero 22, 2022, magsisimula ang espesyal na pulong nang 10:00 a.m., sa Third Baptist Church, 1399 McAllister Street; at**
- **Sa Sabado, Enero 29, 2022, magsisimula ang espesyal na pulong nang 10:00 a.m., sa First Congregational Church; 1300 Polk Street.**

**Pinagtibay ang mosyon ng sumusunod na pagboto:**

**Oo: 9 - Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

**7. Mga Ulat ng mga Miyembro ng Task Force**

*Ibinahagi ni Miyembro Chasel Lee na nakipagkomunikasyon siya kamakailan kay Superbisor Matt Haney ng Distrito 6, ukol sa iskedyul ng mga pulong ng Task Force at nang maisaalang-alang ang pagmamapa sa Distrito 6. Ibinahagi ni Miyembro Cooper na nakipagkomunikasyon siya kamakailan sa Clerk's Office (Opisina ng Klerk) ukol sa mga usapin na may kaugnayan sa website ng Task Force. Ibinahagi ni Miyembro Jeremy Lee na nakipagkita siya sa Office of Civic Engagement and Immigrant Affairs (Opisina para sa Sibikong Pakikilahok at Mga Usaping Nauukol sa Migrante), sa Department of Elections (Departamento ng mga Eleksiyon), at sa Office of the Clerk of the Board (Opisina ng Klerk ng Lupon) upang matalakay ang pagbabadyet at mga rekurso para sa Task Force, at iminungkahi niya na isaalang-alang ng Task Force ang mga stratehiya ng*

*pag-abot sa nakararami sa pamamagitan ng radyo, at sa gayon, maabot ang mga komunidad na nagsasalita ng Tsino sa San Francisco. Ibinahagi ni Miyembro Hernández Gil na nakipagkomunikasyon siya kamakailan sa ilang organisasyong nakabase sa komunidad sa Distrito 6, kasama na ang SoMa Pilipinas, ang East Cut Community Benefit District (Distritong East Cut na para sa Pakinabang ng Komunidad), ang Lower Polk Neighbors (Mga Magkakapit-bahay sa Lower Polk), at ang SF Rising Alliance, upang talakayin ang mga petsa ng pulong at pagmamapa na nakatuon sa Distrito 6.*

*Tagapagsalita: David Pilpel; nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng usapin sa pagdinig.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**8. Mga Ulat ng Kinatawan ng Departamento/Pampublikong Opisyal ng Lungsod**

*Ibinahagi nina Angela Calvillo, Klerk ng Lupon, at Wilson Ng, Katuwang na Direktor para sa mga Operasyon (Office of the Clerk of the Board) ang maiksing buod ukol samga diyaryo na para sa pag-abot sa nakararami, at naglalathala ng adbertisment ukol sa mga pulong ng Task Force; ibinahagi ng Librarian ng Lungsod na puwedeng magamit ang mga kompyuter ng aklatan sa kabuuan ng sistema ng mga aklatan, at sa gayon, mapuntahan ang website at mga kasangkapan sa pagmamapa ng Task Force; at ibinahagi rin ang mga detalye ukol sa pagpapatupad ng hybrid na hara-harapan at remote na mga pulong. Sinagot ni Ana Flores, Katuwang na Abugado ng Lungsod o Deputy City Attorney (Opisina ng Abugado ng Lungsod o Office of the City Attorney), ang mga itinanong sa kabuuan ng diskusyon.*

*Mga Tagapagsalita: Wala.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**9. Komento ng Pangkalahatang Publiko**

*Mga Tagapagsalita: Jen Tse at Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); ibinahagi ang mga inaalala ukol sa pagpapatupad sa hinaharap ng kasangkapan para sa Tinututukang mga Komunidad (Communities of Interest, COI) sa loob ng kasangkapan para sa muling pagdidistrito, at inirekomendang suriin ng Task Force ang pahina para sa pampublikong pagkomento ng California Redistricting Commission (Komisyon ng California para sa Muling Pagdidistrito), para sa mga halimbawa ng matagumpay na pag-oorganisa ng pagkomento ng publiko.*

**10. Mga Bagay na Pag-uusapan sa Hinaharap**

*Tinalakay ng mga miyembro ang posibleng mga pag-usapan sa hinaharap, ayon sa mga sumusunod.*

- *Pagtalakay sa kaligtasan laban sa COVID at ang posibleng maganap kaugnay ng potensiyal na mga pulong sa loob ng distrito sa hinaharap.*
- *Pagtalakay sa pagbuo ng stratehiya sa paglikha ng mga mapa; at*
- *Pagtalakay sa stratehiya at iskedyul ng mga gawain para sa pagbuo ng mga borador o draft na mapa.*

*Mga Tagapagsalita: David Pilpel; Jen Tse (League of Women Voters San Francisco); nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng pinag-uusapan sa pagdinig.*

**11. Pagtatapos ng Pulong**

*Dahil wala nang iba pang pag-uusapan, natapos ang pulong Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa oras na 8:33 p.m.*

*Pakatandaan (N.B). Itinatakda ng mga Tala ng pulong na ito ang lahat ng aksiyong isasagawa ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito na nauukol sa mga usaping nakasaad, pero hindi kinakailangang naaayon sa pagkakasunod-sunod ng pagtalakay sa mga usaping ito sa pulong.*

**INAPRUBAHAN: Enero 22, 2022**
**Task Force para sa Muling Pagdidistrito**